

BALANGKAS NG SISTEMA SA LONG-TERM CARE INSURANCE

(介護保険制度概要)

1. **Ang long-term care insurance system ay isang sistema para masuportahan ng lipunan ang bawat mamamayan na nangangailangan ng alaga sanhi ng pagtanda at iba pang dahilan.**

(介護保険制度は、加齢等により介護が必要となった人を社会全体で支えあう制度です。)

*Ang mga naninirahan sa Hapon na higit sa 40 taong gulang ay kinakailangan magpa-miyembro sa long-term care insurance.

(日本に住んでいる 40 歳以上の人は、介護保険に加入しなければなりません。)

*Ang sistema ng long-term care insurance ay pinopondohan ng kontribusyon ng mga miyembro at ginagamit ito na pangtustos sa gastusin ng mga miyembro na nangangailangan ng pag-aalaga upang mapagaan ang pasanin sa gastos sa pag-aalaga. Layunin ng sistema na magtulungan ang bawat isa.

(介護保険制度は、介護の負担を軽くするために、加入者がお金を出し合い、加齢等により介護が必要となったときの介護に充てる費用を社会全体で支えあう、相互扶助を目的とした制度です。)

2. **Ang indibidwal na higit 40 taong gulang ay magiging insured na miyembro.**

(40 歳以上の人は被保険者になります。)

(1) **Ang mga indibidwal na higit 65 taong gulang ay magiging unang klaseng insured na miyembro**

(65 歳以上の人は第1号被保険者になります。)

* Kapag tumungtong sa edad na 65 na taon, ikaw ay magiging unang klaseng insured na miyembro sa long-term care insurance at ang inyong lungsod/munisipyo ay mag-iisyu ng insurance kard.

(65 歳になると介護保険の第1号被保険者になり、お住まいの市町から保険証が交付されます。)

* Kapag kakailanganin ang pag-aalaga, mag-aplay sa inyong lungsod/munisipyo ng sertipikasyon sa pag-aalaga. Kapag na-aprubahan ito, pwede ninyong gamitin ang serbisyo ng pag-aalaga.

(介護が必要になったときには、市町に要介護認定申請を行い、認定を受ければ介護サービスを利用できます。)

* Ang insurance kard ay kakailanganin kapag nag-aplay ng sertipikasyon sa pag-aalaga.

(保険証は、要介護認定申請のときに必要になります。)

(2) Higit sa 40 taong gulang pero wala pang 65 taong gulang ay magiging ikalawang klaseng insured na miyembro.
(40 歳以上 65 歳未満の人は第2号被保険者になります。)

* Ang mahigit sa 40 taong gulang pero wala pang 65 taong gulang ay magiging ikalawang klaseng insured na miyembro ng long-term care insurance.
(40 歳以上 65 歳未満の人は、介護保険の第2号被保険者になります。)

* Kapag naging ikalawang klaseng insured na miyembro at kakailanganin ang pag-aalaga sanhi ng 16 na sakit na nakalista rito, mag-aplay sa inyong lungsod/munisipyo ng sertipikasyon sa pag-aalaga. Kapag na-aprubhan ito, pwede ng gamitin ang serbisyo sa pag-aalaga.
(第2号被保険者になると、以下の 16 疾病により介護が必要になったときに、市町に要介護認定申請を行い、認定を受ければ介護サービスを利用できます。)

<16 na klase ng sakit>

- | | |
|--|--|
| *Cancer | * Spinocerebellar Degeneration (SCD) |
| *Rheumatoid Arthritis | * Spinal Canal Stenosis |
| *Amyotrophic Lateral Sclerosis (ALS) | * Progeroid Syndrome |
| * Ossification of the Posterior Longitudinal Ligament (OPLL) | * Multiple System Atrophy (MSA) |
| *Osteoporosis with Fracture | * Diabetic Neuropathy, Diabetic Nephropathy, and Diabetic Retinopathy |
| *Early-onset Dementia | * Obstructive Arteriosclerosis |
| *Cerebrovascular Disease | * Chronic Obstructive Pulmonary Disease (COPD) |
| *Progressive Supranuclear Palsy (PSP), Corticobasal Degeneration (CBD) & Parkinson's Disease | * Osteoarthritis with Significant Deformation of Both Knee Joints or Hip Joint |

<16 疾病の種類>

- | | |
|-------------------------------|-----------------------------|
| ・がん | ・脊髄小脳変性症 |
| ・関節リウマチ | ・脊柱管狭窄症 |
| ・筋萎縮性側索硬化症 | ・早老症 |
| ・後縦靭帯骨化症 | ・多系統萎縮症 |
| ・骨折を伴う骨粗鬆症 | ・糖尿病性神経障害、糖尿病性腎症及び糖尿病性網膜症 |
| ・初老期における認知症 | ・閉塞性動脈硬化症 |
| ・脳血管疾患 | ・慢性閉塞性肺疾患 |
| ・進行性核上性麻痺、大脳皮質基底核変性症及びパーキンソン病 | ・両側の膝関節又は股関節に著しい変形を伴う変形性関節症 |

3. Paraan ng paggamit ng serbisyo sa pag-aalaga

(介護サービスを利用するための手続き)

(1) Paraan para makakuha ng sertipikasyon sa pag-aalaga

(要介護認定の手続き)

- ① Kumonsulta sa dibisyon na nagangasiwa sa long-term care insurance sa inyong lungsod/munisipyo o kaya sa sentro na nagbibigay ng pangkalahatang tulong sa inyong lugar para sa pag-aplay ng sertipikasyon sa pag-aalaga.
(市町介護保険担当課又は地域包括支援センターに要介護認定申請の相談をします。)
- ② Ipasa ang aplikasyon sa dibisyon na nangangasiwa sa long-term care insurance sa inyong lungsod/munisipyo.
(市町介護保険担当課に要介護認定申請書を提出します。)
- ③ Ang tagapagsiyasat ng lungsod/munisipyo ay bibisita sa bahay ng aplikante para suriin ang pisikal at mental na kalagayan.
(市町の認定調査員が自宅を訪問して、申請者の心身の状況などを調べる訪問調査を行います。)
- ④ Ang lupon na nagpapasya sa pag-isyu ng sertipikasyon sa pag-aalaga ng lungsod/munisipyo ay magpapasya ukol sa kategorya ng kakailanganin na pag-aalaga ng aplikante batay sa resulta ng pagsusuri sa pagbisita sa bahay.
(市町の介護認定審査会で訪問調査の結果などから要介護状態の区分が判定されます。)
- ⑤ Batay sa resulta na napagpasyahan ng lupon na nagpapasya sa pag-isyu ng sertipikasyon sa pag-aalaga, magpapadala ng abiso ng resulta ng aplikasyon ang lungsod/munisipyo.
(市町の介護認定審査会の判定結果に基づき、市町から要介護認定の結果が通知されます。)

(2) Kapag natanggap ang abiso ukol sa sertipikasyon sa pag-aalaga

(要介護認定の結果が通知されたとき)

*Ang abiso ukol sa resulta ng sertipikasyon sa pag-aalaga ay maglalaman ng kategorya ukol sa kakailanganing pag-aalaga ayon sa sumusunod “hindi angkop”, “kakailanganin ang tulong 1~2” o “kakailanganin ang pag-aalaga 1~5”.

(要介護認定結果通知には、非該当、要支援1~2、要介護1~5のいずれかの要介護状態の区分が記載されています。)

*Kung ang resulta ay “hindi angkop”, hindi maaaring gamitin ang serbisyo sa pag-aalaga.

(非該当の場合には、介護サービスを利用することはできません。)

*Kung ang resulta ay “kakailanganin ang tulong 1~2”, maaaring humiling sa sentro na nagbibigay ng pangkalahatang tulong sa inyong lugar para gawan ng care plan at magamit ang serbisyo sa pag-aalaga batay sa care plan.

(要支援1~2の場合、地域包括支援センターにケアプランの作成を依頼し、ケアプランに基づいた介護サービスを利用できます。)

*Kung ang resulta ay “kakailanganin ang pag-aalaga 1~5”, humingi ng listahan ng mga establisyemento na nagbibigay serbisyo sa pag-aalaga sa bahay mula sa departamento na nangangasiwa ng long-term care insurance o sa sentro na nagbibigay ng pangkahalatang tulong sa inyong lugar kung kakailanganin ang serbisyo ng pag-aalaga sa bahay. Batay sa listahan, pumili ng establisyemento na nagbibigay ng serbisyo sa pag-aalaga at magpagawa ng care plan sa care manager.

Pagkatapos nito, maaari ng gamitin ang serbisyo sa pag-aalaga batay sa care plan.

(要介護1~5で、自宅で介護サービスを受けたい場合には、まず、市町介護保険担当課又は地域包括支援センターから複数の居宅介護支援事業所の紹介を受け、その中から気に入った居宅介護支援事業所のケアマネージャーにケアプランの作成を依頼し、その後にケアプランに基づいた介護サービスを利用できます。)

*Kapag nais pumasok sa pasilidad na nagbibigay ng serbisyo sa pag-aalaga, ang taong na-aprubahan sa kategorya na “kakailanganin ang pag-aalaga 1~5” ay kailangan na magpagawa ng care plan sa care manager ng nais pasukan na pasilidad. Pagkatapos nito, maaari ng gamitin ang serbisyosa pag-aalaga batay sa care plan.

(要介護1~5で、施設に入所して介護サービスを受けたい場合には、入所したい施設のケアマネージャーにケアプランの作成を依頼し、その後にケアプランに基づいた介護サービスを利用できます。)

4. May mga sumusunod na serbisyo ang serbisyo sa pag-aalaga

(介護サービスには次のサービスがあります。)

*Mayroong iba't ibang uri ng serbisyo sa pag-aalaga.

(介護サービスには、次のとおり様々な種類があります。)

*Depende sa kategorya ng kakailanganin na pag-aalaga (kakailanganin ang tulong 1~ kakailanganin ang pag-aalaga 5), mayroong serbisyo na hindi maaaring gamitin.

(要介護状態区分(要支援1～要介護5)により利用できないサービスがあります。)

*May mga serbisyo na hindi maaaring gamitin depende sa kumbinasyon ng serbisyo sa pag-aalaga na kailangan.

(介護サービスの組み合わせによっては、利用できないサービスがあります。)

(1) Kapag nais tumanggap ng tulong sa pag-aalaga sa bahay.

(自宅で介護の手助けがほしいとき)

① Pagbisita ng caregiving staff (訪問介護)

Ang home helper or caregiving staff ay bibisita sa bahay ng taong gagamit ng serbisyo at magbibigay suporta sa pang-araw araw na pamumuhay tulad ng pagpapaligo, pagdumi, pagpapakain o pisikal na pag-aalaga, pagluluto at paglalaba.

Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(ホームヘルパーなどが利用者の自宅を訪問し、利用者の入浴、排せつ、食事などの身体介護や調理、洗濯などの生活援助を行います。

要支援1～要介護5の人が利用できます。)

② Pagbisita para magpaligo (訪問入浴介護)

Ang caregiving staff at nursing staff ay bibisita sa bahay at papaliguan ang taong gagamit ng serbisyo gamit ang dalang bathtub.

Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(介護職員と看護職員が利用者の自宅を訪問し、持参した浴槽で利用者の入浴を行います。

要支援1～要介護5の人が利用できます。)

③ Pagbisita ng nursing staff(訪問看護)

Sa tagubilin ng doktor, bibisita ang nars sa bahay ng pasyente at magpaliligo, tutulong sa pagdumi. Batay sa utos ng doktor, magsasagawa ng pagbibigay ng IV drip, paggamot sa bed sore at pagsipsip ng plema.

Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(医師の指示により看護師などが疾患等を抱えている利用者の自宅を訪問して、入浴、排せつなどの介護、医師の指示に基づく点滴、じょくそう、痰の吸引などを行います。

要支援1～要介護5の人が利用できます。)

- ④ Pagbisita para sa rehabilitasyon (訪問リハビリテーション)
 Ang physical therapist, occupational therapist o speech therapist ay bibisita sa bahay ng taong gagamit ng serbisyo at batay sa tagubilin ng doktor ay magsasagawa ng rehabilitasyon.
 Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.
 (理学療法士や作業療法士、言語聴覚士が利用者の自宅を訪問し、医師の指示に基づきリハビリテーションを行います。
 要支援1～要介護5の人が利用できます。)
- ⑤ Pagtuturo ukol sa pangangasiwa sa pagpapagaling sa bahay (居宅療養管理指導)
 Ang doktor, dentista, parmasyutiko o dietitian ay bibisita sa bahay ng pasyente na hiras makapunta sa ospital para magbigay ng patnubay sa pagpapagaling.
 Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.
 (医師、歯科医師、薬剤師、管理栄養士などが通院困難な人の自宅を訪問し、療養上の管理や指導を行います。
 要支援1～要介護5の人が利用できます。)
- ⑥ Palagiang pagbisita o pagbisita anumang oras na kakailanganin ang caregiving staff o nursing staff (定期巡回・随時対応型訪問介護看護)
 Magbibigay ng pangkalahatang pag-aalaga at nursing care na isasagawa sa palagiang pagbisita o pagbisita ano mang oras kakailanganin mapa-araw o mapagabi.
 Ang taong “kakailanganin ang pag-aalaga 1 ~ 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.
 (日中と夜間を通じた複数回の定期訪問と随時の対応で、一体的な介護と看護を行います。
 要介護1～要介護5の人が利用できます。)
- ⑦ Pagbisita ng caregiving staff sa gabi (夜間対応型訪問介護)
 Para mapanatag na makapamuhay sa bahay kahit sa gabi ang taong gagamit ng serbisyo, magsasagawa ng panggabing palagiang pagbisita sa bahay at maghahatid ng pagbisita sa gabi batay sa notification system.
 Ang taong “kakailanganin ang pag-aalaga 1 ~ 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.
 (利用者が夜間でも安心して在宅生活を送れるよう、定期的な巡回や通報システムによる夜間専用の訪問介護を行います。
 要介護1～要介護5の人が利用できます。)

- ⑧ Multi-function na serbisyo sa pag-aalaga sa maliit na group home.
 (小規模多機能型居宅介護)
 Naka-sentro sa mga magpupunta sa pasilidad, ang taong gagamit ng serbisyo ay maaaring pumili at pagsamahin ang nais na serbisyo tulad ng bumibisitang caregiving staff at panunuluyan sa pasilidad.
 Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.
 (施設への通うことを中心に、利用者の選択に応じて訪問介護や宿泊などのサービスを組み合わせたサービスを利用者に提供します。
 要支援1～要介護5の人が利用できます。)

- ⑨ Nursing service at serbisyo ng pag-aalaga sa maliit na group home.
 (看護小規模多機能型居宅介護)
 Ang pinagsamang serbisyo ng bumibisitang nursing staff at multi-function na serbisyo sa pag-aalaga sa maliit na group home ay ihahatid sa taong gagamit ng serbisyo.
 Ang taong “kakailanganin ang pag-aalaga 1 ~ 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.
 (小規模多機能型居宅介護と訪問看護を組み合わせたサービスを利用者に提供します。
 要介護1～要介護5の人が利用できます。)

(2) Kapag nais magpunta sa pasilidad para tumanggap ng pangangalaga at rehabilitasyon
 (施設に通って介護やリハビリを受けたいとき)

- ① Day care at community-based type day care (通所介護・地域密着型通所介護)
 Buong araw na mamalagi ang taong gagamit ng serbisyo sa pasilidad at doon tatanggap ng serbisyo ng pagpapakain, pagpapaligo at pagsasanay sa iba't ibang gawain.
 Ang taong “kakailanganin ang pag-aalaga 1 ~ 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.
 (日帰りで施設に通う利用者に食事、入浴などの介護や機能訓練などを行います。
 要介護1～要介護5の人が利用できます。)
- ② Buong araw na pag-aalaga para sa may demensya (認知症対応型通所介護)
 Buong araw mamalagi sa pasilidad ang taong gagamit ng serbisyo na may demensya at doon tatanggap ng serbisyo sa pagpapakain, pagpapaligo at pagsasanay sa iba't ibang gawain.
 Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(日帰りで施設に通う認知症のある利用者に食事、入浴などの介護や機能訓練などを行います。)

要支援1～要介護5の人が利用できます。)

③ Pagpunta sa pasilidad para tumanggap ng rehabilitasyon

(通所リハビリテーション)

Pagpunta sa pasilidad para sa pag-aalaga ng mga matatanda o medikal na pasilidad ng taong gagamit ng serbisyo upang tumanggap ng rehabilitasyon.

Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(日帰りで介護老人保健施設や医療機関などに通う利用者にはリハビリテーションを行います。)

要支援1～要介護5の人が利用できます。)

(3) Kapag nais isaayos ang tahanan para sa pag-aalaga

(自宅での介護環境を整えたいとき)

① Pag-uupa ng kagamitan na makakatulong sa kapakanan (福祉用具貸与)

Pagbibigay ng tulong pinansyal sa pag-uupa ng mga kagamitan na makakatulong sa gagamit ng serbisyo upang mapaginhawa ang kanilang pang-araw araw na buhay.

Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(利用者の日常生活の自立を助けるための福祉用具を借りる費用の一部を支給します。)

要支援1～要介護5の人が利用できます。)

② Tulong sa pagbili ng kagamitan na makakatulong sa kapakanan

(福祉用具購入費の支給)

Pagbibigay ng tulong pinansyal upang makabili ang gagamit ng serbisyo ng mga kagamitan sa pagligo, pagdumi at iba pa.

Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(利用者の入浴や排泄つなどに使用する福祉用具の購入費の一部を支給します。)

要支援1～要介護5の人が利用できます。)

③ Tulong sa pagpapa-ayos ng bahay(住宅改修費の支給)

Pagbibigay ng tulong pinansyal upang malagyan ng handrail at tanggalin ang mga lugar na kailangan ang paghakbang sa tahanan ng taong gagamit ng serbisyo.

Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(利用者のための手すりの取付けや段差解消などの住宅改修の一部を支給します。
要支援1～要介護5の人が利用できます。)

(4) Kapag nais na pansamantalang pumasok sa pasilidad

(一時的に施設に入所したいとき)

① Pansamantalang pagpasok sa pasilidad (短期入所)

Ang gagamit ng serbisyo ay maaaring pansamantalang pumasok sa special elderly nursing home o nursing home at tumanggap ng serbisyo sa pag-aalaga tulad ng pagpapakain, pagpapaligo at iba pa. Maaaring tumanggap ng serbisyo sa pagpapakain, pagpapaligo at rehabilitasyon sa ilalim ng medikal na pangangasiwa.

Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(利用者が特別養護老人ホームや老人保健施設などに短期間入所して、食事、入浴などの介護やリハビリテーション、又は、医学管理下での食事、入浴などの介護やリハビリテーションなどを行います。)

要支援1～要介護5の人が利用できます。)

(5) Kapag nais tumanggap ng serbisyo sa pasilidad

(施設でサービスを受けたいとき)

① Special elderly nursing home o community-based special elderly nursing home. (特別養護老人ホーム・地域密着型特別養護老人ホーム)

Para sa mga nahihirapan na mamuhay sa kanilang sariling tahanan, ang gagamit ng serbisyo ay maaaring tulungan at bigyan ng pag-aalaga sa pang-araw araw na pamumuhay sa special elderly nursing home o community-based special elderly nursing home.

Ang taong “kakailanganin ang pag-aalaga 3 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(常時介護が必要で自宅での生活が困難な利用者に、特別養護老人ホーム・地域密着型特別養護老人ホームで日常生活上の支援や介護を提供します。)

要介護3～要介護5の人が利用できます。)

② Pasilidad para sa kalusugan ng matatanda (老人保健施設)

Ang gagamit ng serbisyo na matatag na ang kalagayan ay bibigyan ng pangangalaga na naka sentro sa rehabilitasyon sa loob ng pasilidad para sa kalusugan ng matatanda, upang sila ay makabalik at makapamuhay muli sa sariling tahanan.

Ang taong “kakailanganin ang pag-aalaga 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(病状が安定している利用者が在宅復帰できるよう、老人保健施設でリハビリテーションを中心としたケアを提供します。

要介護1～要介護5の人が利用できます。)

- ③ Pasalidad pang-medikal na nagbibigay ng pangangalaga sa pagpapagaling (介護療養型医療施設)

Pagkatapos ng pagpapagamot sa malubhang karamdaman, ang gagamit ng serbisyo na mangangailangan ng mahabang pagpapagaling ay bibigyan ng pangangasiwa sa pagpapagaling, serbisyo ng nars, pangangalaga ayon sa medikal na pangagasiwa at rehabilitasyon sa loob ng medikal na pasilidad na nagbibigay ng pag-aalaga para sa pagpapagaling.

Ang taong “kakailanganin ang pag-aalaga 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(急性期の治療を終え、長期の療養を必要とする利用者に、介護療養型医療施設で療養上の管理、看護、医学的管理下での介護、リハビリテーションなどを提供します。

要介護1～要介護5の人が利用できます。)

- ④ Sentrong pang-medikal para sa pangangalaga (介護医療院)

Ang gagamit ng serbisyo na mangangailangan ng pangmatagalang pagpapagaling ay gagamutin at bibigyan rin ng pang-araw araw na pangangalaga sa sentrong pang-medikal para sa pangangalaga.

Ang taong “kakailanganin ang pag-aalaga 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(長期療養が必要な利用者に、介護医療院で医療と日常生活上の介護を一体的に提供します。

要介護1～要介護5の人が利用できます。)

- ⑤ May bayad na home for the aged at iba pa (有料老人ホームなど)

Ang mga matatandang nanunuluyan sa may bayad na home for the aged, elderly nursing home at hindi kamahalang home for the aged ay maaaring makatanggap ng tulong at pang-araw araw na pag-aalaga.

Ang taong “kakailanganin ang tulong 1 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(有料老人ホーム、養護老人ホーム、軽費老人ホームに入居している高齢者に、日常生活上の支援や介護を提供します。

要支援1～要介護5の人が利用できます。)

⑥ Group Home(グループホーム)

Ang matandang may demensya ay mabibigyan ng suporta sa pang-araw araw na pamumuhay at pagsasanay sa iba't ibang gawain sa loob ng group home.

Ang taong “kakailanganin ang tulong 2 ~ kakailanganin ang pag-aalaga 5” ay maaring gumamit ng serbisyong ito.

(認知症の高齢者が共同生活をする住居(グループホーム)で、日常生活上の世話や機能訓練などを提供します。

要支援2～要介護5の人が利用できます。)

5. Ang buong halaga ng pagtanggap ng serbisyo maliban sa itinakda sa long-term care insurance ay sagot ng indibidwal.

(介護保険以外のサービスを受けるときには、全額自己負担になります。)

*Ang buong halaga ng serbisyo maliban sa mga itinakdang serbisyo sa napagpasyahang kategorya ng kakailanganing pangangalaga, bayad sa pagpapagupit, pambili ng pang-araw araw na kailangan at pambayad sa mga libangan ay sagot ng indibidwal.

(要介護状態区分ごとに決まっている利用可能な介護サービス以外のサービスの利用料や、理美容代、日用品代、娯楽費などは、全額自己負担になります。)

*May mga lungsod na nagbibigay tulong pinansyal para pambili ng diaper at paghahatid ng pagkain sa bahay.

(市町によっては、おむつ代、配食サービスなどに補助金を支給しているところがあります。)

*Para sa karagdagang inpormasyon, kumonsulta sa inyong care manager.

(詳しくはケアマネージャーに相談してください。)

6. Mayroon bahagi na sasagutin ng indibidwal kapag tumanggap ng serbisyo sa pag-aalaga

(介護サービスを受けるときには、自己負担があります。)

* Kapag tumanggap ng sertipikasyon na kakailanganin ang pag-aalaga (kakailanganin ang tulong) at nais ninyong gamitin ang serbisyo, sasagutin ng indibidwal ang 10% hanggang 30% ng halaga.

(要介護(要支援)認定を受け、介護サービスを受けるときには、実際の費用の1割から3割の自己負担があります。)

* Ang halaga na sasagutin ng indibidwal ay depende sa kinikita na inilalarawan sa talaan sa ibaba.

(自己負担の割合は、概ね下表のとおり所得等の状況によって決まります。)

| % na Sagot ng Indibidwal (自己負担の割合) | Halaga ng Kita (所得等の額) |
|---------------------------------------|--|
| 10% (1割) | Mag-isa sa bahay: Halaga ng pensyon + kabuuang halaga ng iba pang kita ay hindi lalagpas sa ¥1.6 milyon (単身世帯: 年金収入 + その他の合計所得金額が 160 万円未満) Dalawa o higit pa sa bahay: Halaga ng pensyon + kabuuang halaga ng iba pang kita ay hindi lalagpas sa ¥3.46 milyon (2人以上世帯: 年金収入 + その他の合計所得金額が 346 万円未満) |
| 20% (2割) | Mag-isa sa bahay: Halaga ng pensyon + kabuuang halaga ng iba pang kita ay mahigit sa ¥1.6 milyon pero hindi lalagpas sa ¥3.4 milyon (単身世帯: 年金収入 + その他の合計所得金額が 160 万円以上 340 万円未満) Dalawa o higit pa sa bahay: Halaga ng pensyon + kabuuang halaga ng iba pang kita ay mahigit sa ¥3.46 milyon pero hindi lalagpas sa ¥4.63 milyon (2人以上世帯: 年金収入 + その他の合計所得金額が 346 万円以上 463 万円未満) |
| 30% (3割) | Mag-isa sa bahay: Halaga ng pensyon + kabuuang halaga ng iba pang kita ay mahigit sa ¥3.4 milyon (単身世帯: 年金収入 + その他の合計所得金額が 340 万円以上) Dalawa o higit pa sa bahay: Halaga ng pensyon + kabuuang halaga ng iba pang kita ay mahigit sa ¥4.63 milyon (2人以上世帯: 年金収入 + その他の合計所得金額が 463 万円以上) |

* Kapag ang sagot na bayarin ay mahigit sa itinakdang pinamakataas na halaga, ang sobra sa naibayad na halaga ay ibabalik.

Ang pinakamataas na halagang babayaran ay depende sa kinikita na inilalarawan sa talaan sa ibaba.

(自己負担の金額が一定の上限額を超えると、超えた金額が払い戻されます。

上限額は概ね下表のとおり所得の状況によって変わります。)

| Dibisyon ng Sagot na Halaga ng Gagamit ng Serbisyo (利用者負担段階区分) | Pinakamataas na halaga kada buwan (1か月当たり上限額) |
|---|--|
| Kumikita kahiluntulad ng nagtratabaho (Ang kinikita na saklaw ng buwis ay mahigit sa ¥1.45 milyon (現役並み所得者 (課税所得 145 万円以上)) | ¥44,000 (pamilya) (44,400 円 (世帯)) |
| Pangkaraniwan (mga taong hindi saklaw ng sa itaas o ibaba na dibisyon) (一般 (上記又は下記以外の人)) | ¥44,000 (pamilya) (44,400 円 (世帯)) |
| Lahat ng miyembro ng pamilya ay hindi kailangang magbayad ng buwis ng lungsod (世帯全員が市民税非課税) | ¥24,600(pamilya) (24,600 円 (世帯)) |
| <div style="border: 1px solid black; padding: 5px;"> <p>*Indibidwal na ang pensyon at kabuuang halaga ng kita na saklaw ng buwis ay hindi lalagpas sa ¥800,000 (本人の課税年金収入額と合計所得金額が 80 万円以下の人)</p> <p>*Indibidwal na tumatanggap ng welfare pensyon para sa mga matatanda (老齢福祉年金受給者の人)</p> </div> | ¥15,000(indibidwal) (15,000 円 (個人)) |
| Indibidwal na tumatanggap ng benepisyo para sa kapakanan (welfare) (生活保護受給者の人) | ¥15,000(indibidwal) (15,000 円 (個人)) |

7. Pinakamataas na halaga na maaaring gamitin para sa serbisyo ng pag-aalaga sa bahay
 (在宅での介護サービスには利用上限額が決められています。)

* Ang pinakamataas na halaga sa bawat kategorya ayon sa kakailanganin na pag-aalaga sa bahay ay inilalarawan sa talaan sa ibaba.

(在宅での介護サービスには、下表のとおり要介護状態区分別に利用上限額が決められています。)

* Kapag lumagpas sa pinakamataas na itinakdang halaga ang paggamit sa serbisyo ng pang-aalaga, kinakailangang sagutin ng indibidwal ang lumagpas na halaga.

(利用上限額を超えて介護サービスを利用すると、利用上限額を超えた金額は全額自己負担になります。)

| Dibisyon ng Kakailanganin ang Pag-aalaga (要介護状態区分) | Pinakamataas na halaga na maaaring gamitin kada buwan (Patnubay) 月額利用上限額(目安) |
|---|---|
| Hindi naaangkop (非該当) | Hindi maaring gamitin ang serbisyo (介護サービスを受けられません。) |
| Kakailangin ang tulong 1 (要支援1) | ¥50,320 (50,320 円) |
| Kakailangin ang tulong 2 (要支援2) | ¥105,310 (105,310 円) |
| Kakailanganin ang pag-aalaga 1 (要介護1) | ¥167,650 (167,650 円) |
| Kakailanganin ang pag-aalaga 2 (要介護2) | ¥197,050 (197,050 円) |
| Kakailanganin ang pag-aalaga 3 (要介護3) | ¥270,480 (270,480 円) |
| Kakailanganin ang pag-aalaga 4 (要介護4) | ¥309,380 (309,380 円) |
| Kakailanganin ang pag-aalaga 5 (要介護5) | ¥362,170 (362,170 円) |

8. Ang mga taong mahigit 40 taong gulang ay kinakailangan magbayad ng insurance.

(40 歳以上の人には、保険料の支払い義務が生じます。)

- * Ang mga taong 40 taong gulang at pataas ay kinakailangang magbayad ng long-term care insurance.
(40 歳以上になると介護保険料を納める必要があります。)
- * Ang halaga ng long-term care insurance ay pinagpapasyahan at kinokolekta ng mga lungsod at munisipalidad.
(介護保険料は、市町が金額を決定し、徴収します。)
- * Ang halaga ng long-term care insurance ay mababago depende sa kinikita.
(介護保険料は、所得等の状況により金額が変わります。)
- * Kapag nalimutan ang pagbabayad, nahuli sa pagbabayad o hindi nagbayad ng long-term care insurance, hindi lamang masisiguro ang pondo ng inyong long term insurance kundi maaaring kaltasin ang halaga ng bayarin sa inyong mga ari-arian o di kaya ang inyong sasagutin na halaga kapag ginamit ang serbisyo ay magiging 30% imbes na 10% lamang. Maaaring magdulot ito ng hindi pabor na sitwasyon sa inyo.
(介護保険料を納めるのを忘れて、納めずに滞納していると、介護保険の財源が確保できないばかりでなく、あなたの財産が差し押さえられたり、介護サービスを受ける際の自己負担が1割から3割になるなど、不利益が生じます。)

(1) Ang halaga ng long-term care insurance para sa taong may edad 65 taon at pataas
(unang klase ng insured na miyembro)
(65 歳以上(第1号被保険者)の介護保険料)

- * Ang halaga ng long term insurance para sa taong may edad 65 taon at pataas ay inilalarawan sa talaan sa ibaba ayon sa kalagayan ng indibidwal.
(65 歳以上の人介護保険料は、下表のとおり対象者の状況により金額が変わります。)

| Halaga ng Insurance Ayon sa Antas (保険料段階) | Sakop na Indibidwal (対象者) | Halaga ng Insurance kada Buwan (月額保険料) |
|--|--|---|
| Unang antas (第1段階) | <p>Indibidwal na tumatanggap ng benepisyo sa kapakanan (welfare) (生活保護を受けている人)</p> <p>Lahat ng miyembro ng pamilya ay libre sa pagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang indibidwal ay tumatanggap ng pensyon para sa matatanda (世帯全員が住民税非課税で、老齢福祉年金を受けている人)</p> <p>Lahat ng miyembro ng pamilya ay libre sa pagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kita ng indibidwal ay hindi lalagpas sa ¥800,000 kapag pinagsama ang kabuuang kita noong nakaraang taon at ang tinatanggap na pensyon na papatawan ng buwis (世帯全員が住民税非課税で、前年の合計所得金額+課税年金収入額が 80 万円以下の人)</p> | ¥ (円) |
| Ikalawang antas (第2段階) | <p>Lahat ng miyembro ng pamilya ay libre sa pagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kita ng indibidwal ay higit sa ¥800,000 pero hindi lalagpas sa ¥1.2 milyon kapag pinagsama ang kabuuang kita noong nakaraang taon at ang tinatanggap na pensyon na papatawan ng buwis (世帯全員が住民税非課税で、前年の合計所得金額+課税年金収入額が 80 万円超 120 万円以下の人)</p> | ¥ (円) |
| Ikatlong antas (第3段階) | <p>Lahat ng miyembro ng pamilya ay libre sa pagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kita ng indibidwal ay higit sa ¥1.2 milyon kapag pinagsama ang kabuuang kita noong nakaraang taon at ang tinatanggap na pensyon na papatawan ng buwis (世帯全員が住民税非課税で、前年の合計所得金額+課税年金収入額が 120 万円超の人)</p> | ¥ (円) |
| Ikaapat na antas (第4段階) | <p>May miyembro ng pamilya na nagbabayad ng buwis sa paninirahan subalit ang indibidwal ay libre sa pagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kanyang kita ay hindi lalagpas sa ¥800,000 kapag pinagsama ang kabuuang kita noong nakaraang taon at ang tinatanggap na pensyon na papatawan ng buwis (世帯の誰かに住民税が課税されているが、本人は住民税非課税で、前年の合計所得金額+課税年金収入額が 80 万円以下の人)</p> | ¥ (円) |
| Ikalimang antas (第5段階) | <p>May miyembro ng pamilya na nagbabayad ng buwis sa paninirahan subalit ang indibidwal ay libre sa pagbabayad ng buwis sa paninirahan at hindi saklaw ng ikaapat na antas. (世帯の誰かに住民税が課税されているが本人は住民税非課税で、第4段階以外の人)</p> | ¥ (円) |
| Ikaanim na antas (第6段階) | <p>Ang indibidwal ay nagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kanyang kabuuang kita noong nakaraang taon ay hindi lalagpas sa ¥1.2 milyon (本人が住民税課税で、前年の合計所得金額が 120 万円未満の人)</p> | ¥ (円) |

| | | |
|-------------------------------------|---|-----------|
| Ikapatong antas (第7段階) | Ang indibidwal ay nagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kanyang kabuuang kita noong nakaraang taon ay higit sa ¥1.2 milyon pero hindi lalagpas sa ¥2 milyon (本人が住民税課税で、前年の合計所得金額が 120 万円以上 200 万円未満の人) | ¥ (円) |
| Ikawalong antas (第8段階) | Ang indibidwal ay nagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kanyang kabuuang kita noong nakaraang taon ay higit sa ¥2 milyon pero hindi lalagpas sa ¥3 milyon (本人が住民税課税で、前年の合計所得金額が 200 万円以上 300 万円未満の人) | ¥ (円) |
| Ikasiyam na antas (第9段階) | Ang indibidwal ay nagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kanyang kabuuang kita noong nakaraang taon ay higit sa ¥3 milyon pero hindi lalagpas sa ¥_____ (本人が住民税課税で、前年の合計所得金額が 300 万円以上 _____万円未満の人) | ¥ (円) |
| Ikasampung antas (第10段階) | Ang indibidwal ay nagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kanyang kabuuang kita noong nakaraang taon ay higit sa ¥_____ pero hindi lalagpas sa ¥_____ (本人が住民税課税で、前年の合計所得金額が _____万円以上 _____万円未満の人) | ¥ (円) |
| Ikalabing-isang antas (第11段階) | Ang indibidwal ay nagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kanyang kabuuang kita noong nakaraang taon ay higit sa ¥_____ pero hindi lalagpas sa ¥_____ (本人が住民税課税で、前年の合計所得金額が _____万円以上 _____万円未満の人) | ¥ (円) |
| Ikalabing-dalawang antas (第12段階) | Ang indibidwal ay nagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kanyang kabuuang kita noong nakaraang taon ay higit sa ¥_____ pero hindi lalagpas sa ¥_____ (本人が住民税課税で、前年の合計所得金額が _____万円以上 _____万円未満の人) | ¥ (円) |
| Ikalabing-tatlong antas (第13段階) | Ang indibidwal ay nagbabayad ng buwis sa paninirahan at ang kanyang kabuuang kita noong nakaraang taon ay higit sa ¥_____ (本人が住民税課税で、前年の合計所得金額が _____万円以上の人) | ¥ (円) |

(2) Ang halaga ng long term care insurance para sa mga taong higit 40 taong gulang pero hindi lalagpas ng 65 taong gulang (ikalawang klase ng insured na miyembro)
(40 歳以上 65 歳未満(第2号被保険者)の介護保険料)

*Ang halaga ng long-term care insurance para sa mga taong higit 40 taong gulang pero hindi lalagpas ng 65 taong gulang ay idinadagdag sa halaga ng health insurance.
(40 歳以上 65 歳未満の人の介護保険料は、医療保険の保険料に合算されています。)

① Pagkalkula para sa indibidwal na nakapasok sa pambansang health insurance (*Kokumin Kenkō Hoken*) kung saan ito ay idinadagdag sa kanilang babayaran na halaga.

(国民健康保険に加入されている人の算定方法)

Halaga ng long term care insurance = % ng kita + Equal share + Per capita share + % ng ari-arian

(介護保険料 = 所得割 + 均等割 + 平等割 + 資産割)

② Pagkalkula para sa mga indibidwal na nakapasok sa Asosasyon para sa Health Insurance (*Kenkō Hoken Kumiai*) o Pambansang Asosasyon ng Health Insurance (*Zenkoku Kenkō Hoken Kyōkai*).

(健康保険組合又は全国健康保険協会に加入されている人の算定方法)

Halaga ng long term care insurance = Sahod at bonus × % ng sisingilin na halaga para sa long term care insurance.

(介護保険料 = 給与及び賞与 × 介護保険料率)

(Paalala) Para sa detalye, magtanong sa tanggapan na nag-isyu ng inyong health insurance kard.

((注) 詳しくは、加入されている医療保険の保険証発行元にお尋ねください。)

9. Ang brosyur na ito ay impormasyon ukol sa balangkas ng long-term care insurance.

Para sa detalye, mangyaring magtanong sa dibisyon na nangangasiwa ng long term care insurance sa inyong lungsod/munisipalidad.

(このパンフレットは、介護保険の概要をお知らせするものです。)

詳しくは、お住まいの市町の介護保険担当課でお尋ねください。)

[Makipag-ugnayan sa] (【連絡先】)

| | |
|--|-----------------------|
| Pangalan ng Lungsod: (市町名) | NAGAIZUMI (長泉町) |
| Tagapangasiwa sa Long-term Care Insurance (介護保険担当課名) | CHOUJUKAIGOKA (長寿介護課) |
| Telepono: (電話番号) | 055-989-5511 |



作成：静岡県健康福祉部福祉長寿局介護保険課
〒420-8601 静岡市葵区追手町9番6号
電話 054-221-2317